Ministry ng Kalusugan | Ministry ng Edukasyon

Ontario

Gamit sa pag-screen ng COVID-19 para sa mga mag-aaral at mga batang pumapasok/pumupunta sa paaralan at nag-aalaga ng bata

Bersyon 3: Oktubre 5, 2020

Dapat ma-screen ang mga mag-aaral at mga bata para sa COVID-19 araw-araw bago pumasok sa paaralan o pumunta sa nag-aalaga ng bata. Maaari itong sagutan ng mga magulang/tagapag-alaga para sa bata.

Petsa (mm-dd-yyyy)_____

Mga Tanong sa Screening (maglagay ng "X" sa naaangkop na column)

1. **Kasalukuyan ka bang nakakaranas ng alinman sa mga sintomas na ito?**
   Piliin ang kahit ano o ang lahat ng bago, lumalala at walang kaugnayan sa iba pang alam na mga sanhi o mga medikal na kondisyon.

Lagnat at/o panginginig Temperatura na 37.8 degrees Celsius/100 degrees Fahrenheit o mas mataas	☐ Oo	☐ Hindi
Ubo o kumakahol na ubo (croup) Tuloy-tuloy, higit sa karaniwang sumisipol na ingay kapag humihinga, walang kaugnayan sa iba pang alam na mga sanhi o mga kondisyon (halimbawa, hika, post-infectious reactive airways o sakit sa daanan ng hangin matapos magkaroon ng impeksiyon)	☐ Oo	☐ Hindi
Kapos na paghinga Kinakapos ng hininga, hindi makahinga nang malalim, walang kaugnayan sa iba pang alam na mga sanhi o mga kondisyon (halimbawa, hika)	☐ Oo	☐ Hindi
Nabawasan o nawalan ng pang-amoy o panlasa Walang kaugnayan sa iba pang alam na mga sanhi o mga kondisyon (halimbawa, mga alerhiya, mga sakit sa utak at ugat sa katawan)	☐ Oo	☐ Hindi

2. **Kasalukuyan ka bang nakakaranas ng alinman sa mga sintomas na ito?**
   Piliin ang kahit ano o ang lahat ng bago, lumalala at walang kaugnayan sa iba pang alam na mga sanhi o mga medikal na kondisyon.

Pananakit ng lalamunan o nahihirapang lumunok Masakit na paglunok, walang kaugnayan sa iba pang alam na mga sanhi o mga kondisyon (halimbawa, mga seasonal na alerhiya, acid reflux)	☐ Oo	☐ Hindi
Tumutulo o barado/congested na ilong Walang kaugnayan sa iba pang alam na mga sanhi o mga kondisyon (halimbawa, mga alerhiya, mga sakit sa utak at ugat sa katawan)	☐ Oo	☐ Hindi
Sakit ng ulo na hindi karaniwan o pangmatagalan Walang kaugnayan sa iba pang mga sanhi o mga kondisyon (halimbawa, mga pananakit ng ulo na sanhi ng tensyon, pabalik-balik na mga migraine)	☐ Oo	☐ Hindi
Nasusuka, pagsusuka at/o pagtatae Walang kaugnayan sa iba pang mga sanhi o mga kondisyon (halimbawa, irritable bowel syndrome, pagkabalisa sa mga bata, mga pamumulikat sanhi ng regla	☐ Oo	☐ Hindi
Labis na pagkapagod na hindi karaniwan o mga pananakit ng kalamnan Pagkapagod, kawalan ng sigla, hindi magandang pagpapasuso sa mga sanggol, walang kaugnayan sa iba pang alam na mga sanhi o kondisyon (halimbawa, depression, insomina, hindi maayos na paggana ng thyroid, biglaang pinsala)	☐ Oo	☐ Hindi

3. Naglakbay ba sila sa labas ng Canada sa nakalipas na 14 na araw?
   ☐ Oo ☐ Hindi

4. Sa nakalipas na 14 na araw, tinukoy ba sila ng isang public health unit bilang malapit na kontak ng isang tao na kasalukuyang may COVID-19?
   ☐ Oo ☐ Hindi

5. Sinabi ba sa kanila/sa iyo ng isang doktor, provider ng pangangalagang pangkalusugan o publich health unit na dapat silang mag-isolate (manatili sa bahay)?
   ☐ Oo ☐ Hindi

6. Sa nakalipas na 14 na araw, nakatanggap ba sila sa kanilang cell phone ng COVID Alert na abiso tungkol sa pagkaka-expose?
   ☐ Oo ☐ Hindi

Mga Resulta ng mga Tanong sa Screening

Kung sumagot ka ng "OO" sa alinman sa mga sintomas na isinama sa tanong 1:

- Makipag-ugnayan sa paaralan/nag-aalaga ng bata para ipaalam sa kanila ang tungkol sa resultang ito.
- Dapat silang mag-isolate (manatili sa bahay) at huwag umalis maliban para magpasuri o para sa medikal na emergency.
- Makipag-usap sa isang doktor/provider ng pangangalagang pangkalusugan para makakuha ng payo o ng isang pagsusuri, kasama ang kung kailangan nila ng pagsusuri para sa COVID-19.
- Ang mga miyembro ng sambahayan na walang mga sintomas ay maaaring pumasok sa paaralan/pumunta sa nag-aalaga ng bata/pumasok sa trabaho. Tingnan ang website ng iyong lokal na public health unit o tumawag para malaman kung mayroon silang iba't ibang mga panuntunan sa panganib sa lugar.

Kung sumagot ka ng "OO" sa isa lang sa mga sintomas na isinama sa tanong 2:

- Makipag-ugnayan sa paaralan/nag-aalaga ng bata para ipaalam sa kanila ang tungkol sa resultang ito.
- Dapat silang mag-isolate (manatili sa bahay) nang 24 na oras at huwag umalis maliban para sa medikal na emergency.
- Kung bubuti ang kanilang sintomas pagkalipas ng 24 na oras, maaari silang bumalik sa paaralan/nag-aalaga ng bata kapag mabuti na ang pakiramdam nila para pumasok/magpaalaga. Hindi nila kailangang magpasuri.
- Ang mga miyembro ng sambahayan na walang mga sintomas ay maaaring pumasok sa paaralan/pumunta sa nag-aalaga ng bata/pumasok sa trabaho. Tingnan ang website ng iyong lokal na public health unit o tumawag para malaman kung mayroon silang iba't ibang mga panuntunan sa panganib sa lugar.

Kung sumagot ka ng "OO" sa dalawa o higit pa sa mga sintomas na isinama sa tanong 2:

- Makipag-ugnayan sa paaralan/nag-aalaga ng bata para ipaalam sa kanila ang tungkol sa resultang ito.
- Dapat silang mag-isolate (manatili sa bahay) at huwag umalis maliban para magpasuri o para sa medikal na emergency.
- Makipag-usap sa isang doktor/provider ng pangangalagang pangkalusugan para makakuha ng payo o ng isang pagsusuri, kasama ang kung kailangan nila ng pagsusuri para sa COVID-19.
- Ang mga miyembro ng sambahayan na walang mga sintomas ay maaaring pumasok sa paaralan/pumunta sa nag-aalaga ng bata/pumasok sa trabaho. Tingnan ang website ng iyong lokal na public health unit o tumawag para malaman kung mayroon silang iba't ibang mga panuntunan sa panganib sa lugar.

Kung sumagot ka ng "OO" sa tanong 3, 4, 5 o 6:

- Makipag-ugnayan sa paaralan/nag-aalaga ng bata para ipaalam sa kanila ang tungkol sa resultang ito
- Dapat silang mag-isolate (manatili sa bahay) nang 14 na araw at huwag umalis maliban para magpasuri o para sa medikal na emergency
- Makipag-usap sa isang doktor/provider ng pangangalagang pangkalusugan para makakuha ng payo o ng isang pagsusuri, kasama ang kung kailangan nila ng pagsusuri para sa COVID-19.

Kung sumagot ka ng "HINDI" sa lahat ng tanong, maaaring pumasok/pumunta ang iyong anak sa paaralan/nag-aalaga ng bata.

Public Health Ontario - Contact tracing

Opsyonal ang pagsagot sa mga tanong na ito. Ang impormasyon na ito ay gagamitin lang ng mga opisyal ng Public Health para sa contact tracing. Ide-delete ang lahat ng impormasyon sa loob ng 28 araw.

Petsa:_____

Pangalan:_____

Telepono o Email:_____